


## Dynamic Prayer Meeting Study Guide (Week 5)<sup>1</sup>

### SIMULAN ANG PRAYER MEETING NA NAKATUON SA DIYOS

- Ang unang apat na linggo ay nagbigay sa atin ng pangkalahatang pananaw sa mga inaasahang mangyari at direksyon.
- Ang Weeks 5-22 ay magsasanay sa atin na magpatuloy sa pananalangin magkakasama. Mayroong limang gawain na pagsasanayan nating gawin. Hango ito sa mga prayer meetings sa Bibliya.



#### Unang Gawain: Nakatuon sila sa Diyos (Focusing on God)

Ang unang gawain ay ang kanilang palagiang pagsisimula ng panalangin sa pamamagitan ng pagtuon sa Diyos. Halimbawa:

- Sa Gawa 4:23-31, katatapos lang pagbantaan ng buhay sina Juan at Pedro dahil sa kanilang pangangaral. Sa halip na simulan ang prayer meeting sa paghingi ng proteksyon galing sa Diyos, binigkas nila ang hango sa Mga Awit tungkol sa lubos na kapangyarihan (*sovereignty*) ng Diyos bilang tagapamahala ng Kanyang nilikha, at ang kanyang dakilang kapangyarihan (*omnipotence*) tungkol sa pagkapako sa krus ng Kanyang Anak.
- Sa Nehemias 9, ang mga tao ay nagsama-sama para sa isang sagradong pagtitipon (v. 1). Hihilingin nila maya-maya na pansinin ng Diyos ang kanilang mga paghihirap, ngunit bago 'yun ay nagbasa muna sila ng Kasulatan, nagpuri, at nagsisi na inabot ng kalahating araw (v. 3). At noong nanalangin na sila, pagkaraan lamang ng 28 talata ng kanilang panalangin bago sila humiling sa Diyos (v. 32).
- Sa I Cronica 5-6, pinangunahan ni Solomon ang paghahandog sa Templo at ang panalangin niya ay nakatuon muna sa Diyos bago siya humiling.

#### Bakit Sila Nagsimula sa Diyos?

- Mas mahalaga sa kanila ang Diyos kaysa sa matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Kung ikaw, mas gugustuhin mo ba na mayroon lamang kayong ugnayan ng iyong mga anak kung kailangan nila ng pagkain, pera, laruan, atbp.? Gayundin naman, mas malalim na ugnayan ang nais ng Diyos sa atin.
- Tama at nararapat lamang na bigyan Siya ng karangalan. Siya ang Diyos ng sanlibutan, ang Makapangyarihan, ang Walang-Hanggan, ang nagbibigay sa atin ng buhay at hininga at lahat ng bagay. Hindi ba't parang hindi akma na wala tayong gawin sa harapan Niya maliban sa humingi nang humingi? Nasaan ang pasasalamat, pagbibigay-pugay, at pagpupuring dapat ay sa Kanya lamang?
- Kung magsisimula tayo sa Kanya, makikita natin ang mga bagay-bagay ayon sa Kanyang pananaw. Gusto ni Maria at Marta na huwag hayaan ni Jesus na mamatay si Lazaro. Gusto ni Jesus na mamatay siya at buhayin Niyang muli upang maipakita Niya na Siya ang muling-pagkabuhay at ang buhay (Juan 11:20-26).

#### Paano Dapat Magsimula ang Prayer Meeting?

- Kung mananalangin agad sa simula pa lang ng prayer meeting, karamihan ay didiretso sa paghingi ng kailangan. Sa halip, dapat munang matuon ang atensyon natin sa Diyos.
- Magsimula sa isang gawain na makatutulong upang maituon ang isip sa Diyos. Katulad ng: pagbabasa, pakikinig, at pagbubulay sa Salita ng Diyos; pagpupuri; pagpapatotoo; pag-awit; at pagninilay tungkol sa mga espirital na bagay.
- Sa mga susunod na 21 linggo, sa tuwing makikita mo ang simbolong nasa ibaba, paalala ito na ituon ang isip at puso sa Diyos.



Basahin ang Efeso 3:20. Sa pagsisimula ng ating panalangin, ibahagi kung ano ang ginawa ng Diyos sa Biblia na higit na sagana kaysa sa ating mga hinihingi o iniisip. Ibahagi din kung ano ang ginawa ng Diyos sa iyong buhay na higit na sagana kaysa sa ating mga hinihingi o iniisip.

#### Ang Iyong Panalangin Noong Nakaraang Linggo – Nabago ba nito ang paraan ng paghingi mo sa...?

My personal prayer request:	Our church prayer request:
-----------------------------	----------------------------

**Oras ng Panalangin:** Ipanalangin ang mga kahilingan mo ngayon ayon sa katapatan ng Diyos na napag-usapan natin.

<sup>1</sup> Franklin, John, *Dynamic Prayer Meeting Study Guide*, ©2005 LifeWay Christian Resources, Translated to Filipino by Derick Parfan (Available at [http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF\\_PDF\\_PrayerMeetingGuide\\_Franklin.pdf](http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF_PDF_PrayerMeetingGuide_Franklin.pdf)).